صلاتنا حياة

مشروع تعظيم قدر الصلاة

Isinalin sa wikang Filipino ng
Academical Committee ng
www.ayah.org.ph

## Kahulugan Ng Mga Salitang Sinasambit Sa

# Salah

Tagalog

| kalagayan | Salitang sinasabi | Kahulugan |
|---|---|---|
| At-Takbeer | (Allahu Akbar) | Ibig sabihin: Ang Allah ﷻ siya ang (Akbar) Dakila sa lahat ng bagay, Dakila ang kanyang sarili, mga pangalan at katangian. |
| Al-Istiftaah | ( Subhaanaka Allahumma wa bi-hamdika wa Tabarakas-muka wa Taaala Jadduka wa la Ilaha ghayruk) | (Subhaanaka Allahumma): Ibig sabihin: Luwalhati sa iyo O' Allah mula sa lahat ng pagkukulang at kapintasan at mula sa lahat ng bagay na hindi nababagay sa iyong kamaharlikahan. (wa bi-hamdika): at lahat ng pagpupuri ay sa iyo lamang ito ay pagtatangi sa Allah ng pagiging ganap na may pagmamahal at pagdadakila sa kanya. Ibig sabihin: Kami ay lumuluwalhati at pumupuri sa iyo. (Tabarakas-muka): naging ganap at dakila at banal ang Ngalan Mo. (wa Taaala Jadduka): Ang "Jadd": Ang kadakilaan, Ibig sabihin: ang Iyong kadakilaan ay Kataas-taasan na kung saan walang makapapantay na nilalang sa kadakilaan niya. (wa la Ilaha ghayruk): at walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ. |
| Al-isti'aadhah | (A'dhu Billahi Minash Shaytanir- Rajeem) | (A'dhu Billahi): Ibig sabihin: Ako ay nagpapakupkop at humingi ng proteksyon sa Allah ﷻ. (Shaytan) ibig sabihin: Ang malayo sa habag at awa ng Allah ﷻ, at kabilanng dito ang kauna-unahang Shaytan na siyang tumanggi sa pagsasagawa ng Sujud kay Adam, at kabilang din ang lahat ng Shaytan mula sa mga tao and Jinn. (Ar- Rajeem): Ang sinumpa ng Allah ﷻ at sinumpa niya dahil sa pagsuway. |
| Al-Basmalah | (Bismillahir-Rahmanir-Rahim) | magsisimula ako sa pagbabasa sa Ngalan ng Allah ﷻ bilang paghahangad ng tulong, Ang Mahabagin , Ang Maawain |
| Ang Pagbabasa ng Al-Fatihah | (Al-Hamdu Lillahi) | (Al-Hamd): ito ay ang pagtatangi sa pinupuri dahil sa pagiging ganap na may pagmamahal at pagdadakila at ito ay bukod-tangi lamang para sa Allah ﷻ. |
| | (Rabbil-A'lameen) | (Rabb): Siya ang Tagapaglikha, Ang Naghahari at Ang Nangangasiwa.<br>(Al-A'lameen): ang mga nilalang,at lahat sila ay isang tanda sa kanilang Tagapaglikha ﷻ. |
| | (Ar-rahmanir- Rahim) | (Ar-Rahmân): Katangian na saklaw ng Kanyang habag ang lahat ng Kanyang mga nilikha.<br>(Ar-Raheem): katangian na Labis-Labis ang Kanyang awa at pagmamahal nang ganap sa mga mananampalataya. |
| | (Maliki Yawmid Deen) | Ibig sabihin: Ang Allah ﷻ siya lamang ang Bukod-Tanging Nagmamay-ari at Mangangasiwa sa Araw ng Muling Pagkabuhay. |
| | (Iyyaka Na'budu wa Iyyak Nasta'een) | (Iyyaka Na'budu): Ikaw lamang ang aming susundin at sasambahin. (wa Iyyak Nasta'een): ibig sabihin: mula sa iyo lamang at hindi mula sa iba, kami hihingian ng tulong sa lahat ng aming pagsamba at sa lahat ng aming mga pangangailangan. |
| | (Ihdina) | Panalangin sa Allah ﷻ at paghingi ng Gabay sa kanya. |
| | (Siratal Mustaqeem) | Ang Daang matuwid na kung saan walang kabaluktutan dito na magdadala patungo sa kaluguran ng Allah ﷻ. |
| | (Siratal-Ladhina An'amta Alayhim) | Ibig sabihin: Daan ng mga pinagkalooban ng Allah ﷻ ng biyaya; sila ang mga Propeta, mga matatapat, mga namatay nang 'Shaheed' – nagpunyagi sa Daan ng Allâh o nakipaglaban nang alang-alang sa Allâh, at mga mabubuti; silang mga pinatnubayan at matutuwid. |
| | (Ghayril Maghdhubi Alayhim) | Ang mga isinumpa :Sila ang mga Hudyo na kung saan nalalaman nila ang katotohan subalit ito ay kanilang tinanggihan. |
| | (Wa Laddaaleen) | Ang mga naligaw: Sila ang mga Kristiyano, na kung saan sumamba subalit sila'y mangmang sa katotohanan ng Diyos. |
| At-Ta'meen | (Ameen) | Dinggin Mo, O Allâh ang aming panalangin |

| kalagayan | Salitang sinasabi | Kahulugan |
|---|---|---|
| Ar-Ruku’ | Subhána Rabbiyal ‘Adhím | Kaluwalhatian sa aking Dakilang Panginoon na kung saan ang lahat ng bagay ay nasa baba niya, at walang bagay na pinakadakila kaysa sa kanya; Ang Allah ﷻ ay malayo mula sa lahat ng kapintasan at pagkukulang, at mula sa lahat ng bagay na hindi nababagay sa kanyang kamaharlikahan. |
| Ang pagtayo mula sa Ruku’ | Sami‘Alláhu Liman Hamidah Rabbaná Wa Lakal Hamd | ( Samia): ibig sabihin: at kahulugan: Dinidinig ng Allah ang panalangin ng sinumang nagbibigay ng Pagpupuri sa Kanya<br>(Rabbaná Wa Lakal Hamd): Ibig sabihin: Aming panginoon tanggapin mo ito sa amin, sa iyo lamang ang pagpupuri dahil sa gabay na pinagkaloob mo sa amin na siyang dahilan upang kaluguran mo kami. |
| As-sujud | Subhána Rabbiyal A‘Lá | (Tasbih): nangangahulugan na: Pagluluwalhati at pagdadalisay, (Al-A‘Lá): ibig sabihin: pagpupuri sa Allah ﷻ sa kanyang kataas-taasan. At kahulugan ng Kataas-taasan ay: Mataas at dakila ang kanyang sarili, kinaroroonan at katangian, bagkus siya ang kataas-taasan sa lahat ng bagay. |
| Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang Sujud | Rabbighfir Lí Rabbighfir Lí | Ibig sabihin: Paghingi ng Kapatawaraan sa Allah ﷻ sa lahat ng kasalanan, maliit man ito at malaki, Ang Maghfirah ito ang pagtatakip sa kasalanan at pagpapatawad nito, kaya naman ang kahulugan: O’ Allah pagtakpan mo ang aking mga kasalanan, palagpasin mo ito sa akin nang sa ganon ay maging ligtas ako mula parusa nito, at mula sa kahihiyang dulot nito. |
| Attashahhud | Attahíyatu Lilláhi | ( Attahíyatu Lilláhi): ito ang pagdadakila, ang lahat ng salita na tumutukoy sa pagdadakila ay tinatawag na Attahiyat, Ang kahulugan nito: Ang lahat ng uri ng salita na tumutukoy sa pagdadakila ay nararapat laman ito sa Allah ﷻ. |
| | Was Salawátu | Was (Salawátu): ibig sabihin: Ang lahat ng pagdarasal, obligado man ito o boluntaryo ay marapat lamang ialay sa Allah ﷻ at lahat ng panalangin na tumutukoy sa pagdadakila sa Allah ﷻ siya lamang ang may karapatan dito. |
| | Wat Tayyibát | Wat (Tayyibát): Ang mga kabutihan, at ito ay maaaring may kaugnayan sa Allah, at maaaring may kaugnayan sa mga Gawain ng mga nilalang, at kapag ito ay may kaugnayan sa Allah ito ay tumutukoy na siya ay mayroong pinakamabuting katangian, Gawain at salita, ang Allah ﷻ ay siyang pinakamabuti sa lahat ng bagay. At kapag naman ito ay may kaugnayan sa Gawain ng mga nilalang, kilos man ito o salita, ang Allah ﷻ siya ang pinakamabuti rito. |
| | Assalámu ‘Alayka Ayyuhan Nabíyu Wa Rahmatulláhi Wa Barakátuh | (Assalámu ‘Alayka Ayyuhan Nabíyu): Assalam: kabilang sa mga pangalan ng Allah ﷻ, at ang kahulugan ng: “Assalamu Alayka”: Ang ngalan ng Allah ay suma-iyo, ibig sabihin ay: ikaw ay nasa kapayapaan at pangangalaga ng Allah ﷻ.<br>(Rahmatulláhi): Ibig sabihin: Ang habag ng Allah ﷻ ay suma-iyo. (Barakátuh): Barakah ito ang patuloy na maraming Kabutihan, kaya naman tayo ay nananalangin sa Allah ﷻ na ipagkaloob niya sa kanyang sugo ﷺ ang pagpapala na magkaroon ng maraming tagasunod at maraming gawain ng kanyang tagasunod. |
| | Assalámu ‘Alayná Wa ‘Alá ‘Ibádilláhis Sálihín | (Assalámu ‘Alayná): ibig sabihin: Ang kapayapaan at pangangalaga ng Allah ﷻ ay mapasa-amin, (‘Alá ‘Ibádilláhis Sálihín): ibig sabihin: ang pangangalaga ng Allah ﷻ ay makamit rin ng mga mabubuting alipin ng Allah ﷻ: at sila yaong mga naging mabuti lantaran man o lihim. Sa paraan na Una: Ang kadalisayan sa pagsamba sa Allah ﷻ at Pangalawa: sa pagsunod sa Sugo ﷺ. |
| | Ash'hadu An Lá Iláha Illalláh, Wa Ash'hadu Anna Muhammadan ‘Abduhu Wa Rasúlulláh | (Ash’hadu An Lá Iláha Illalláh): Ibig sabihin: walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah ﷻ.<br>( Wa Ash'hadu Anna Muhammadan ‘Abduhu Wa Rasúlulláh): Ang pagsaksi na si Muhamamad ﷺ ay alipin ng Allah at isang sugo na ipinadala ng Allah ﷻ. |

| kalagayan | Salitang sinasabi | Kahulugan |
|---|---|---|
| Assalatu Alan Nabiy ﷺ | Alláhumma salli 'alá Muhammadin wa 'alá áli Muhammad | (Alláhumma): O' Allah. (salli 'alá Muhammadin): ibig sabihin nito ay: pagpupuri ng Allah ﷻ sa kanyang sugo ﷺ sa mga mataas na nilalang. (wa 'alá áli Muhammad): sila ang mga tagasunod ng sugo ng Allah ﷺ mula sa pananampalatayang Islam. |
| | kamá sallayta 'alá Ibráhíma wa 'alá áli Ibráhíma | (kamá sallayta 'alá Ibráhíma): Kagaya ng pagtampok Mo kay Ibrahim at ang pamilya at kasamahan ni Ibrahim, itampok mo rin ang pagpapalang ito kay Muhammad ﷺ at sa kanyang mga kasamahan. (wa 'alá áli Ibráhíma) mga tagasunod ni Ibrahim. |
| | innaka hamídum majíd | (innaka hamídum majíd): Hamid: Ang Kapuri-puri sa kanyang mga alipin at mga tagasunod na sila yaong mga sumunod sa ipinag-ututos ng Allah ﷻ. Majid: Ang Maluwalhati ito ang kadakilaan, at ganap na paghahari. |
| | Wa bárik 'alá Muhammadin wa 'alá áli Muhammad, kamá bárakta 'alá Ibráhíma wa 'alá áli Ibráhíma innaka hamídum majíd | (Wa bárik 'alá Muhammadin wa 'alá áli Muhammad): Ibig sabihin: itampok mo ang pagpapala kay Muhammad at sa kanyang pamiya at kasamahan.<br><br>(kamá bárakta 'alá Ibráhíma wa 'alá áli Ibráhíma): ito ay panalangin na ginamitan sa Tawassul sa pamamagitan ng gawain ng Allah ﷻ na nauna sa Gawain niyang susunod. |
| Al-Isti'adhatu Billahi Minal Fitan | Allahumma Inniy A'dhu Bika Min A'dhabi jahannam, Wa min Fitnatil Qabri, Wa min Fitnatil Mahya wa Mamaat, wa min sharri fitnatil Maseehid-dajjal | (Allahumma Inniy A'dhu Bika Min A'dhabi jahannam): O Allah ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa parusa ng Impiyerno at mula sa lahat ng bagay na nadudulot nito. (Wa min Fitnatil Qabri) at mula sa parusa sa loob ng Barzakh. (Wa min Fitnatil Mahya wa Mamaat): ibig sabihin: ang mga pagsubok ng tao sa kanyang pananampalataya, sa kanyang buhay, at kamatayan. Ang pagsubok sa buhay ito ang lahat ng bagay na dumarating sa isang tao mula noong isinilang siya na mga pagsubok sa makamundong bagay at mga pagnanasa nito. At ang pagsubok sa Kamatayan, ito ay nangangahulugan sa lahat ng mangyayari sa sandali na dumating ang kamatayan sa huling araw niya, at lahat ng mangyayari pagkatapos ng kamatayan, kabilang dito ang pagtatanong sa kanya ng dalawang anghel doon sa kanyang libingan hinggil sa kung sino ang kanyang Rabb, at ano ang kanyang Deen at sino ang kanyang Sugo. (wa min sharri fitnatil Maseehid-dajjal): Si Maseeh Dajjal siya ang pinakamalaking pagsubok sa balat ng lupa mula pa noong panahon ng paglikha kay Adam Alayhis Salam hanggang sa huling araw. |
| Attasleem | assalámu 'alaykum wa rahmatulláh | Ang pagpapaabot ng kapayapaan sa mga kasamang nagsagawa ng Salah, at sa mga Anghel na nasa kanyang Kanan at kaliwa. Ang kahulugan nito: Ang panalangin sa Allah ﷻ na pangalagaan sila at proteksyunan at iligtas mula sa lahat ng pagsubok. |

***Para sa Karagdagang impormasyon balikan ang mga aklat sumusunod:**

**1- Ash-Sharhul Mumti' Ala Zadil Mustaqni' – Shaykh Muhammad Bin Saleh Al-Uthaymeen.**

**2- Fiqhu Alfadhis Salah – Ali Al-ghanim**

**3- Fathul Aleem fi Sharhi Ad'iyyah wa Adhkaris Salah minat Takbiri Ilat Tasleemi – Hassan Al-Awaayishah.**